Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 8 NG PEBRERO, 2001, HUWEBES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ................................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ......................... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 059-T2001*

*KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY NG LANSAKANG KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAMAMAHAGI NG LUPA SA BAHAGI NG BARANGAY GATID NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKAT*, may lupang pag-aari ang pamahalaang bayan sa lugarin ng Barangay Gatid sa bayang ito na may sukat na 9,355 metro kuwadrado;

*SAPAGKAT*, may programa ang pamahalaan tungkol sa pag-aayos ng mga lupa upang magamit at pakinabangan ng mga nangangailangan lalo na ng mga mahihirap;

*SAPAGKAT*, marami sa mga mamamayan ng bayang ito ay wala pang mga sariling lupa upang pagtayuan ng kanilang mga bahay;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na bigyan ng lansakang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na katawanin ang pamahalaang bayan sa pamamahagi ng lupa sa bahagi ng Barangay Gatid ng bayang ito.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Manananggol, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan